**International Journal of Research Studies in Education**
2023 Volume 12 Number 2, 63-69




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Potensyal na gamit ng Wattpad sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino

Estera, John Emil ✉
*DepEd Sorsogon – Juban National High School, Philippines (Ako2emil@gmail.com)*
Ladines, Regine
*Saint Louise de Marillac College of Sorsogon, Philippines (regineladines27@gmail.com)*
Edma, Kathleen
*Saint Louise de Marillac College of Sorsogon, Philippines (edmakathleen@gmail.com)*
Lustestica, Elaine
*Saint Louise de Marillac College of Sorsogon, Philippines (Elainelustestica355@gmail.com)*

**Received**: 2 January 2023 **Revised**: 4 February 2023 **Accepted**: 19 April 2023
**Available Online**: 19 April 2023 **DOI**: 10.5861/ijrse.2023.10

***Abstract***

This study emphasized the potential use of Wattpad in teaching Philippine Literature. The study employs descriptive survey- quantitative research. Purposive sampling was being used to select the thirty-eight students' respondents taking Bachelor of Secondary Education major in Filipino from all levels of Saint Louise de Marillac College of Sorsogon, Higher Education Department. Survey checklist was used to collect the data needed in the study and being evaluated, analyzed and interpreted using ranking. From the collected data, the fin dings of the study stated that using Wattpad has potential in teaching Philippine Literature bases for writing stories and or literary composition of the students. Based from the results and conclusions of the study the following are the recommendations; Wattpad is helpful in teaching Philippine literature, focus on the positive effects on the use of Wattpad, and consider the possible negative effects of using Wattpad to the students.

***Keywords:*** Wattpad, Philippine literature, potential use, effect

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Potensyal na gamit ng Wattpad sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino

## 1. Introduksyon

Sa mundo ng edukasyon, napakahalaga ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Lalo na ang paggamit ng mga makabagong pagkukunan ng mga impormasyon at kaalaman sa pagtuturo ng panitikan. Ang panitikan ay isang akdang nakasulat na nahahati sa fiction o non-fiction, at maging ito ay tula o tuluyan. Kaya't ang paggamit ng mga flatform na maaaring makatulong sa pagtuturo ay hindi maiiwasang mabigyan pansin sa kasalukuyan.

Isa na rito ang Wattpad na may pinakamalaking literacy platform sa mundo na nagbibigay ng mga serbisyo para maibahagi ng manunulat ang kanilang mga gawa at masiyahan ang mambabasa sa mga gawa. Maraming genre at gawa rin base sa sarili nilang kategorya sa Wattpad.Ito ay nagbibigay ng mga katangian upang lumikha ng isang kuwento pati na rin ang pagbibigay ng puna. Higit pa rito, Ang *algorithm* na magpapahintulot sa mga mambabasa na mahanap ang kwentong kanilang magugustuhan. Kaya naman ang Wattpad ay naging isa sa pinakamalaking platform na mada-download para sa reading platform dahil sa kanilang *branding, accessibility at mga feature* (Al Falaq et al., 2021). Ayon din sa pag-aaral ni Adiningtayas (2020) ang wattpad ay isa sa pinakamalaking media platform para sa pagbabasa at pagsusulat. Ang wattpad ay pwedeng gamitin bilang isang tool o kagamitan na pang edukasyon para sa pagbabasa at pagsulat ng mga teksto. Ipinakit dito ang mga pangunahing kakayahang magamit ang wattpad bilang kagamitang panturo. (Coelho et al., 2019).

Ipinahayag ni Putri (2019) na ang paggamit ng Wattpad ay may kakayahang mag-udyok sa mga mag-aaral na magbasa at magsulat ng mga kuwento. Sa parehong ideya, naglagay sina Rahman at Iwan (2019) ng ibang pagsusuri sa pamamagitan ng aplikasyon na ito kung saan naniniwala sila na ang wattpad ay maaaring maging isang bagong platform para ipatupad ang isang bagong teknolohiya na pinaghalo na programa sa pag-aaral kung saan ang mga guro ay inaasahang magiging versatile sa panahong ito. Kasama ng inisyatiba na ito, sinuportahan din ni Adiningtyas (2020) ang ideya ng paraan ng pagtuturo gamit ang wattpad, kung saan inihayag niya ang isang makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng wattpad upang suportahan ang proseso ng pagkatuto na nagpapalakas sa kapaligiran ng pagtuturo upang maging mas interactive na nagresulta sa mas magandang marka.

Ayon din sa artikulo ni Alvarez, (2018) dahil na din sa di matitinag na trend na wattpad ay nagsimulang mangamba ang mga kritiko ng panitikan na maaaring ito ang maging panibagong mukha ng modernong panitikang Filipino. "Kung wala kan oras para magbasa, wala kang oras para magsulat. Ganun lang iyon ka simple." Sa pamamagitan ng pagsusulat ng wattpad ay umuunlad na ang panitikan, dahil sa mga bagong manunulat pati na rin ang kanilang mga kanya kanyang tema at bagong ideya (Stephen, 2020).

Maraming pag-aaral ang nagpapakita ng gamit ng wattpad sa pagkatuto at pagtuturo ng mga mag-aaral ngunit wala sa mga ito ang nagbibigay pansin sa gamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino.Dahil dito ay isinagawa upang makita ang mga potensyal na paggamit ng wattpad at masuri ang positibo at negatibong epekto ng paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.

## 2. Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay (1) malaman ang persepyon ng mga mag-aaral sa potensyal na paggamit ng wattpad at (2) masuri ang positibo at negatibong epekto ng paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.

## 3. Pamamaraang Ginamit

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibong pananaliksik na ginamitan ng deskriptib-sarbey. Purposive

Sampling ang ginamit sa pagkuha ng tatlumput walo (38) mag-aaral na kalahok na kumukuha ng Batsilyer ng Edukasyon Pangsekundarya Medyor sa Filipino mula unang taon hanggang ika-apat na taon sa St. Louise De Marillac Collge of Sorsogon, Higher Education Department (SLMCS HED). Isang sarbey tseklist ang ginamit para makuwa ang mga datos na kailangan sa pag-aaral at ito ay inalisa, sinuri, at binigyan ng interpretasyon gamit ang pagbilang at pagraranggo.

## 4. Natuklasan

Inilahad dito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral. Makikita sa Talahanayan 1 ang potensyal na gamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang pilipino. Mapapansin mula rito na nangunguna na may potensyal na gamit ang wattpad bilang batayan sa pagbuo ng sariling kuwento o anyo ng panitikan ng mga mag-aaral sa panitkang ilipino. Ito ay nakakuha ng labindalawang bilang mula sa mga kalahok.

**Talahanayan 1**

*Potensyal na Gamit ng Wattpad sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino*

| Potensyal na Gamit ng Wattpad | Bilang | Ranggo |
|---|---|---|
| Nagagamit bilang pagganyak sa pagtuturo | 16 | 5 |
| Nagiging lunsaran ng paksa o talakayan sa klase | 3 | 8 |
| Magagamit bilang kagamitan sa pagbabasa ng mga mag-aaral | 18 | 3 |
| Magagamit bilang bahagi ng mga gawain | 7 | 9 |
| Kagamitan bilang mga babasahin | 17 | 4 |
| Nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat | 16 | 5 |
| Batayan sa pagbuo ng sariling kuwento o anyo ng panitikan ng mga mag-aaral | 20 | 1 |
| Batayan bilang halimbawa ng makabagong panitikan sa Pilipino | 8 | 7 |
| Nagagamit sa pagkukuwento | 19 | 2 |
| Nagiging paraan o kagamitan ng mga guro para mas makuha ang atensyon ng mga mag-aaral. | 12 | 6 |

Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang pilipino ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mapahusay ang kanilang kalinangan sa pagbuo o pagsulat ng kanilang sariling kwento o anyo ng panitikan. Ito ay magsisilbi nilang batayan o pagkukunan ng mga ideya sa kanilang paggawa ng sarili nilang kuwento. Ayon kay Islas, (2018) ang wattpad ay may epekto sa pagpaunlad ng pagsulat at pagbasa ng mga kasanayan. Ito ay nagiging karagdagang ambag upang mapabuti ang mga kasanayan sa pagsulat, kapag ang puna ay ginawa sa pagitan ng mga kapantay. Batay din sa pag-aaral ni Permatasari et al. (2020) mapansin na may benepisyo ng pagbabasa ng Wattpad na binanggit din ng mga mag-aaral tulad ng naiambag nito sa hindi sinasadyang pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagsulat, kasanayan sa bokabularyo, kasanayan sa pagsasalita, gayundin sa kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral.

Ito rin ay nangatuwiran na ang malawak na pagbabasa ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsusulat para sa mga mag-aaral ay maaaring umangkop sa istilo ng pagsulat ng may-akda at malaman kung paano sumulat ng tama (Renandya at Widodo, 2016). Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay nagdudulot sa mga mag-aaral na mapahusay ang galing sa pagsusulat ng kanilang sariling mga akda. Ang wattpad bilang kagamitang panturo ay may potensyal na kakayahan na tulungan ang mga mag-aaral sa pagpapaunlad at pag linang ng kanilang talento sa pagsulat at ito ay pinagtibay o pinatunayan ng mananaliksik. Sinundan ito ng nagagamit sa pagkukuwento na nakakuha naman ng labinsiyam (19) na bilang mula sa mga kalahok. Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay nagpapatunay lamang na makakatulong ang paggamit ng wattpad sa pagpagkukuwento.

Ayon kay Rahman (2019), ang digital reading ay ang pagbabasa ng mga teksto mula sa teknolohikal na midyum tulad ng mga cellphone, tablet, o computer online man o offline. Kaya naman, mas madaling ma-access ang Wattpad dahil masusuportahan sila ng Wattpad na magbasa ng mga maikling kwento kahit saan. Ito ang malaking tulong ng paggamit ng wattpad sa pagkukuwento dahil kahit saan ay maaaring magamit ito. Ayon rin kay Tirocchi (2018) Wattpad ay nag-aalok ng isang paraan upang muling basahin, muling bigyang kahulugan at muling likhain ang mga pagsasalaysay, simula sa mga umiiral at kilalang materyales.

Ipinahayag ni Putri (2019) na ang paggamit ng Wattpad ay may kakayahang mag-udyok sa mga mag-aaral na magbasa at magsulat ng mga kuwento. Kaya't may malaking tulong ang paggamit ng wattpad sa pagsulat at pagbabasa ng mga mag-aaral ng mga kuwento o ano pang anyo ng panitkang Pilipino. Magagamit bilang kagamitan sa pagbabasa ng mga mag-aaral na nakakuha ng nasa ikatlong ranggo na may bilang na labingwalo (18). Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino ay napag alaman na may malaking ambag para sa pagbabasa ng mga mag-aaral at malaking tulong rin ito upang mas lalong mapahusay ang pagbigkas ng mga mag-aaral sa mga salita. Lalo pa ay pinapapalapit at nagiging madali para sa mga mag-aaral ang pagbabasa at paghahanap ng mga babasahin mula sa wattpad.

Ang Wattpad ay isang kawili-wiling *digital* na kapaligiran na may malaking potensyal para sa paaralan at pag-aaral. Una sa lahat, nagbibigay ng pagkakataon ang Wattpad na pagnilayan ang halaga ng pagbabasa para sa mga kabataan Ito rin ay inilalapit ang mga mag-aaral sa mundo ng pagbasa at pagsulat sa pamamagitan ng isang impormal channel batay sa mga relasyon ng peer-to-peer (Scolari, 2018). Ayon sa pag-aaral na isinagawa ni Sari (2016) sa pamamagitan ng Wattpad ay isang magandang istratehiya upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng mas mahusay na tagumpay sa pag-unawa sa pagbasa. Ang mga mag-aaral na tinuruan sa pamamagitan ng Wattpad ay nagpakita ng mas mahusay na tagumpay sa pag-unawa sa pagbasa kaysa sa mga hindi tinuruan.

Ang iba pang potensyal na gamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino ay kagamitan bilang mga babasahin, nagagamit bilang pagganyak sa pagtuturo, nagiging paraan o kagamitan ng mga guro para mas makuha ang atensyon ng mga mag-aaral, batayan bilang halimbawa ng makabagong panitikan ng mga Pilipino, nagiging lunsaran ng paksa o talakayan sa klase, at magagamit bilang bahagi ng mga gawain. Ito ay batay sa sagot ng 17, 16, 12, 8, at 7 na bilang mula sa mga kalahok ayon sa pagkasunod-sunod.

**Talahanayan 2**

*Positibong Epekto ng paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino*

| Mga Positibong Epekto | Bilang | Rango |
|---|---|---|
| Nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat | 25 | 2 |
| Napapahusay ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. | 21 | 4 |
| Magkakaroon ng kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsulat ng panitikang pilipino. | 13 | 6 |
| Nagiging malawak ang imahinasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sariling akdang pampanitikan. | 29 | 1 |
| Nahihikayat ang mga mag-aaral na sumulat ng sarili nilang mga akdang pampanitikan. | 24 | 3 |
| Kahit saan ay maari nilang mabasa ang akdang tinatalakay o tatalakayin. | 14 | 5 |
| Nakahihikayat ng atensyon ng mga mag-aaral sa lanilang pagkatuto. | 13 | 6 |

Makikita sa Talahanayan 2 ang positibong epekto ng paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino. Makikita na nagiging malawak ang imahinasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sariling akdang pampanitikan na nakakuha ng bilang na 29 mula sa mga kalahok. Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay nangangahulugan lamang na ito ay makatutulong sa pagpapalawak ng imahinasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sarili nilang akdang pampanitikan. Ayon kay Wardhani (2020) nagagawa ng wattpad na maging mas malikhain ang mga mag-aaral at upang maipahayag ang kanilang ideya sa pagsulat. Dahil sa malawak na pagpipilian ng mga kuwentong maaaring gawin halimbawa sa kanilang pagsulat. Sa pag-aaral ni Rokha (2019) ipinapakita nito na ang madalas na pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa Wattpad ay nagbibigay ng magandang pagpapabuti, dahil sila ay mas motibasyon na sumulat.

Sinabi ni Kardiansyah (2019) na ang Wattpad ay gumaganap ng ilang mga tungkulin sa proseso ng malikhaing pagsulat. Ito'y binibigyang-daan ng aplikasyon ng mga propesyonal at baguhang na manunulat na makipag-usap sa isa't isa at sa kanilang mga mambabasa na magsulat din, maghanap ng mga ideya, magsanay sa pagsusulat, makakuha ng mga tagahanga sa pag-asang magagawa ito mas madali para sa kanila na pumili ng isang publishing house na kanilang interes upang ilathala ang kanilang mga gawa, para na rin payagan sila na mag-eksperimento sa pagsulat sa iba't ibang genre. Pumangalawa naman sa bilang ang nalilinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat na nakakuha ng bilang na dalawangput lima (25) sa mga kalahok. Sinasabi dito na

ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay nakalilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng akdang pampanitikan.

Ayon kay Bold (2018) ang wattpad ay isa sa media para sa pagtuturo ng pagsulat na maaaring gumamit ng smartphone sa pagtuturo kung saan ang smartphone ay maaaring gawing mas malikhain ang mga mag-aaral upang maipahayag ang kanilang ideya sa pagsulat. Ang pag-aaral na ito ay nagsasabi na ang pagtuturo ng wattpad ay malaking tulong sa pagpapaunlad o paglinang sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang kakayahang sumulat ng mahusay ay hindi likas na nakuhang kasanayan; ito ay karaniwang natutunan o kultural na naipasa bilang isang hanay ng mga kasanayan sa mga pormal na setting ng pagtuturo o iba pang mga kapaligiran (Myles, 2022). Ang kakayahan sa pagsulat ng mag-aaral ay kinakailangan ng masusing pagtuturo upang maging ganap na mahusay sa larangan ng pagsulat ng akdang pampanitikan ang mga mag-aaral. Gamit ang wattpad mapapahusay ng lubos ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Pumangatlo naman sa bilang ang nahihikayat ang mga mag-aaral na sumulat ng sarili nilang mga akdang pampanitikan na nakakuha ng bilang na dalawangput apat (24) sa mga kalahok. Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay nahihikayat ang mga mag-aaral na sumulat ng sarili nilang akdang pampanitikan. Ayon kay Jaguit et al. (2015) ang wattpad ay isang lugar para tumuklas at magbahagi ng mga kuwento; isang social platform na nag-uugnay sa mga tao sa pamamagitan ng mga salita. Ayon pa sakanya ito ay isang komunidad na sumasaklaw sa mga hangganan, interes, at wika. Sa wattpad, kahit sino ay maaaring magbasa o magsulat sa anumang kagamitan gaya ng mga telepono, tablet, o computer.

Ayon kay Faiza et al. (2022) ang paggamit ng wattpad para sa pagsasanay ng pagsulat ng fiction bilang isang alternatibong media sa pag-aaral at pamamaraan upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ayon pa sa kanya nilalayon ng pagtuturo ng wattpad na makita ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral tungkol sa wattpad sa pagbuo ng gawi sa pagsulat. Ang pag-aaral na ito ng mga mananaliksik ay nagpakita ng positibong epekto ng wattpad sa paghihikayat sa mga mag-aaral na sumulat ng sarili nilang akda. Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na maibahagi ang impormasyon tungkol sa positibong epekto ng wattpad lalo na sa mga mag-aaral na nagpapaka dalubhasa sa pagsulat ng sarili nilang akdang pampanitikan. Ang mga positibong epekto ng paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino ay napapahusay ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral, kahit saan ay maaari nilang Mabasa ang akdang tinatalakay o tatalakayin, at nakahihikayat ng atensyon ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto batay ito sa sagot 21, 14, at 13 kalahok ayon sa pagkasunod-sunod.

**Talahanayan 3**

*Negatibong epekto ng paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino*

| Mga Negatibong Epekto | Bilang | Rango |
|---|---|---|
| Mas maraming oras ang nagugol sa paggamit ng wattpad. | 22 | 3 |
| Kawalan ng pamatanyan sa pagsusuri ng nilalaman ng kuwento o uri ng kwento. | 18 | 5 |
| Mawawalan ng saysay ang mga panitikang nailathala sa libro ng mga kilalang manunulat. | 21 | 4 |
| Mas mabibigyang pansin ang mga makabagong akda kaysa sa mga sinaunang akdang naisulat. | 21 | 4 |
| Hindi nasusuri ang mga ginagamit na antas ng wika. | 17 | 6 |
| Kahuhumalingan ang pagbabasa ng wattpad kaysa sa pagbabasa ng pampaaralang libro. | 27 | 1 |
| Magiging sentral na atraksyon ang wattpad sa mga mag-aaral at mawawala ang focus ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng iba pang panitikan. | 26 | 2 |

Makikita sa Talahanayan 3 na ang nangunguna ay ang kahuhumalingan ang pagbabasa ng wattpad kaysa sa pagbabasa ng pampaaralang libro na nakakuha ng bilang na dalawangput pito (27) sa mga kalahok. Ang paggamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay nangangahulugan lamang na may negatibo ring epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil dito mawawalan ng saysay ang pagbabasa sa mga pampaaralang libro dahil

mas nahumaling ng mga mag-aaral na magbasa ng wattpad. Hindi na bibigyan pansin ang paggamit ng mga aklat.

Ang malalang pagkahumaling ay isa sa negatibong epekto ng wattpad application; inaakay nito ang mga mambabasa na kalimutan ang kanilang mga priyoridad sa buhay (Arenas et al., 2019). Nawawalan ng oras nagamitin ang kanilang mga aklat dahil mas mahaba na ang oras na kanilang ginugugol sa pagbabasa ng wattpad. Ayon sa pag-aaral ni Rabang (2021), ang mga tao ay hinihila na magbasa at magbasa ng mga kuwento dahil ang piksyon ay nagbibigay sa kanila ng kagalakan at kawilihan.

Pumangalawa naman ang magiging sentral na atraksyon ang wattpad sa mga mag-aaral at mawawala ang focus ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng iba pang pampanitikan na nakakuha ng bilang na dalawangput anim (26) sa mga kalahok. Ito ay nangangahulugan na sa wattpad na lamang ang mabibigay ng pokus sa mga mag-aaral kaysa sa kanilang akademikong pag-aaral. Pumangato naman sa bilang ang mas maraming oras ang nagugol sa paggamit ng wattpad na nakakuha ng bilang na dalawangput dalawa (22) sa mga kalahok. Nangangahulugan lamang na ang wattpad sa pagtuturo ng panitikan ay maaaring maging dahilan sa pagka ubos ng oras ng mga mag-aaral sa pagbabasa lamang ng wattpad.

Ayon kay Basogul (2021) ang mga kabataan ay nasisiyahang gumugol ng mahabang panahon sa wattpad sa pamamagitan ng kanilang mga telepono at pakiramdam ang kanilang sarili ay libre. Ayon pa sa mananaliksik iniisip ng mga kabataan na ang aplikasyon ay bubuo ng mga gawi sa pagbabasa at pagsulat; magbasa at magsulat; magbasa at magsulat pangunahing tungkol sa pag-ibig at science fiction; mas gusto ang digital na pagbabasa kaysa sa mga naka-print sa libro at/o classic; magkomento at punahin ang libro/ artikulo sa kanilang mga kapantay. Ayon naman kay Rabang et al. (2021) naimbistigahan na ang wattpad ay may epekto sa buhay ng mga mag-aaral. Ang negatibong epekto ay ang maling pamamahala sa oras.

Ang ilang mga negatibong gamit ng wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino ay mawawalan ng saysay ang mga panitikang nailathala sa libro ng mga kilalang manunulat, mas mabibigyang pansin ang mga makabagong akda kaysa sa mga sinaunang akdang naisulat, kawalan ng pamatanyan sa pagsusuri ng nilalaman ng kuwento o uri ng kwento, at hindi nasusuri ang mga ginagamit na antas ng wika. Ito ay batay sa sagot ng 21, 21, 18, at 17 na mga kalahok.

## 5. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa nalikom na datos at natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: 1.) may potensyal na gamit ang Wattpad sa pahtuturo ng panitikang Pilipino bilang isang batayan sa pagbuo ng sariling kuwento o anyo ng panitikan ng mga mag-aaral. 2.) may mga positibong epekto ang paggamit ng Wattpad sa pagtuturo ng panitikang Pilipino lalo na sa pagpapalawak ng imahinasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kanilang mga sariling akda. 3.) Ngunit hindi maaalis nito ang negatibong dulot sa mga mag-aaral lalo na ang paggamit ng Wattpad sa halip na mga aklat pampaaralan. Batay sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na mga rekomendasyon ay nabuo; 1.) Maaaring gamitin ang Wattpad bilang kagamitan sa pagtuturo ng panitikang Pilipino. 2.) Bigyan pansin ang positibong epekto ng paggamit ng Wattpad at isaalang-alang ang mga maaaring maging negatibong epekto nito sa mga mag-aaral. 3.) Bumuo ng pagpaplano sa paggamit ng Wattpad bilang kagamitan sa pagtuturo ng panitikang Pilipino na nakaagapay sa Misyon at Bisyon ng Kagawaran ng Edukasyon. 4.) Magsagawa pa ng pag-aaral tungkol sa gamit ng Wattpad sa pagtuturo.

## 6. Sanggunian

Adiningtyas, C. N. (2020). The effectiveness of using Wattpad to improve students'writing skill in vocational high school. *Retain*, *8*(4).

Al Falaq, J. S., Suprayogi, S., Susanto, F. N., & Husna, A. U. (2021). Exploring the potentials of wattpad for literature class. *Indonesian Journal of Learning Studies*, *1*(2), 98-105.

Alvarez, (2018). *The research paper factory.* Retrieved from https://www.termpaperwarehouse.com

Arenas, R. A., Ariola, H. J., Malinao, G. S., Nova, M. T., Salonoy, A. J., & Catibag, R. P. (2019). The advantages and disadvantages of Wattpad application in the time management of selected grade 12 students of BCP SY 2018-2019. *Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, *1*(1).

Basogul, D. (2021). *Wattpad in youth literature based on the experience of Turkish teacher and secondary school students.* Retrieved from https://www.journals.aiac.org.au

Bold, M. (2018). The return of the social author: Negotiating authority and influence on Wattpad. *Convergence*, *24*(2), 117-136.

Coelho, P., et al. (2019). Education, technology and creative industry: A case study of Wattpad. *Cadernos de Pesquisa*, *49*(173), 156-181.

Faiza, M., et al. (2022). *Fiction writing in wattpad as a learning media for improving the students' writing skills in English language teaching department unu purworkerto*. Retrieved from https://www.ejournal.unishu.ac.id

Jaguit, M. (2015) *The advantages and weaknesses of the wattpad*. Retrieved from https://www.princesscad.blogspot.com

Kardiansyah, M. Y. (2019). *Wattpad as a story-sharing website: Is it a field of literary production*? 3rd English Language and Literarture International Conference (ELLiC) Proceedings, 3, 419-426.

Myles, J. (2022). Writing and researching a second language: The process of writing and analyzing error in students' text. *TESL-EJ, 6*(2).

Permatasari, I., Wijayanto, A., & Kristina, D. (2020). Extensive reading on Wattpad and its benefits to students' English skills: Students' perceptions. *ELS Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities, 3*(4), 518-530.

Putri, R. A. (2019). Pemanfaatan aplikasi Wattpad dalam memotivasi siswa untuk menulis cerita. *Jurnal Interaksi: Jurnal Ilmu Komunikasi*, *3*(1), 58-65.

Rabang, R., Tajolosa, T., & Beguina, L. (2021). Impact of Wattpad reading on Filipino junior high school's reading habit and social values. *Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature*, *3*(2), 1-14.

Rahman, I. A., & Iwan, I. (2019). Blending Wattpad platform and English prose course in industrial revolution era 4.0. *English Language in Focus (ELIF), 2*(1), 25-32.

Renandya, W. A., & Widodo, H. P. (2016). English language teaching today: An introduction. https://doi.org/10.1007/978-3-319-38834-2_1

Rokha, I. (2019). Using Wattpad application to improve the tenth graders in school year of 2018/2019. *Journal of Research Applied Linguistic Language and Language Teaching*, *2*(1), 52-57.

Sari, D. P. (2016). The effects of short story through Wattpad on reading comprehension achievement of non-English major students of Bina Darma University. *HOLISTICS*, *8*(16).

Scolari, C. A. (2018). *Teens, media and collaborative cultures: exploiting teens' transmedia skills in the classroom*.

Stephen, K. (2020). *The research paper factory*. Retrieved from https://www.termpaperwarehouse.com

Wardhani, M. W., Mufaridah, F., & Werdiningsih, I. (2020). The effect of using Wattpad on students' writing ability. English Education Program Universitas Muhammadiyah Jember, 8.